

Espesyal na Halalan Setyembre 29, 2025
Konsehal Ward 25 Scarborough-Rouge Park



I-akses ang Iyong Kard ng Botante

Hindi mo kailangang matanggap ang iyong kard ng botante sa koreo. Maaari mong ipakita ang iyong kard sa iyong mobile na aparato kapag bumoto ka www.toronto.ca/MyVote.

Tingnan ang Listahan ng mga Botante

Simula sa Agosto 18, tingnan kung ikaw ay nasa listahan ng mga botante, hanapin kung saan bumoto at suriin ang listahan ng mga kandidato sa www.toronto.ca/MyVote.

Mahalagang mga Petsa

Agosto 18

- Unang araw para magdagdag, baguhin o magpabago ang impormasyon sa listahan ng mga botante sa www.toronto.ca/MyVote.
- Unang araw para humiling ng Pormularyo ng Kinatawan (Proxy Form) at gumawa ng tipanan para mapatotohanan ito sa pamamagitan ng pag-email sa VoterRegistration@toronto.ca. Tumawag sa 311 para sa impormasyon.

Setyembre 11

- Kung walang pagkagambala sa serbisyo ng Canada Post - Ang mga Voter Information Card [Kard ng Impormasyon ng Botante] (VICs) ay kinokoreo sa mga karapat-dapat na botante.

Tanging mga karapat-dapat na botante na nasa listahan ng mga botante hanggang Setyembre 4 ang padadalhan ng VIC sa koreo. Kung ikaw ay nasa listahan ng mga botante at hindi nakatanggap ng VIC sa koreo, i-akses ang iyong VIC sa www.toronto.ca/MyVote. Hindi mo kailangan ng isang VIC para bumoto.

Setyembre 20 at 21

- Dalawang araw ng Paunang Pagboto mula alas 10 ng umaga hanggang alas 7 ng gabi.
- Mga lugar ng paunang pagboto: Malvern Recreation Center at Heron Park Community Recreation Center.

Setyembre 21

- Ang huling araw upang magdagdag, baguhin o magpabago ang impormasyon sa listahan ng mga botante (ng alas 7 ng gabi) sa www.toronto.ca/MyVote.

Lunes, Setyembre 29 ay Araw ng Halalan

- Bumoto mula alas 10 ng umaga hanggang alas 8 ng gabi sa iyong nakatalagang lugar ng pagboto.
- Alamin kung saan bumoto sa www.toronto.ca/MyVote.

Mga Pagpipilian sa Pagboto

Nang Personal

Bumoto nang personal sa alinman sa mga araw ng botohan:

Bumoto nang maaga sa panahon ng paunang pagboto sa katupusan ng linggo sa Setyembre 20 at 21 mula alas 10 ng umaga hanggang alas 7 ng gabi. Bumoto sa alinman sa:

- **Malvern Recreation Center**, 30 Sewells Rd.,
O
- **Heron Park Community Recreation Center**, 292 Manse Rd.

Bumoto sa araw ng halalan, Lunes, Setyembre 29 mula alas 10 ng umaga hanggang alas 8 ng gabi. Dapat kang bumoto sa iyong nakatalagang lugar ng pagboto sa araw ng halalan.

Hanapin kung saan bumoto sa araw ng halalan at mga detalye tungkol sa iyong lugar ng pagboto sa www.toronto.ca/MyVote.

Sa pamamagitan ng Koreo

Mahalagang impormasyon tungkol sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo [Mail-in Voting]

Dahil sa mga kawalan ng katiyakan na nauugnay sa paghahatid ng serbisyo ng Canada Post, ang Pagboto sa pamamagitan ng Koreo [Mail-in Voting] ay maaaring hindi isang opsyon sa pagboto sa espesyal na halalan na ito.

Manatiling napapanahon sa pamamagitan ng pagbisita sa www.toronto.ca/ByElection o tumawag sa 311.

Sa Pamamagitan ng Proxy (Kinatawan)

Kung hindi ka makakaboto nang personal o sa pamamagitan ng koreo, maaari kang magtalaga ng isang kinatawan sa pagboto. Ang Proxy [Kinatawan] ay isang taong pinagkakatiwalaan mong bumoto sa ngalan mo. Ang Proxy ay dapat isang karapat-dapat na botante sa lungsod ng Toronto. Simula Agosto 18, mag-email sa **VoterRegistration@toronto.ca** upang humiling ng pormularyo para sa proxy [kinatawan].

Kumpletuhin ang isang pormularyo para sa Pagtatalaga ng Proxy [Kinatawan] sa Pagboto, na nilagdaan mo at ng iyong kinatawan, at pinatunayan ito ng Klerk ng Lungsod bago ang Setyembre 29 ng alas 4:30 ng hapon.

Ang pormularyo ay dapat na pinatunayan nang personal sa City Hall, Lunes hanggang Biyernes sa mga regular na oras ng negosyo (alas 8:30 ng umaga hanggang alas 4:30

ng hapon) o **sa pamamagitan ng tipanan lamang** sa tanggapan ng Toronto Elections sa 89 Northline Rd.

Upang gumawa ng tipanan mag-email sa **VoterRegistration@toronto.ca**

Bisitahin ang www.toronto.ca/ByElection o tumawag sa 311 para matuto ng higit pa tungkol sa pagboto sa pamamagitan ng proxy [kinatawan].

Sino ang Maaaring Bumoto

Maaari kang bumoto sa espesyal na halalan sa Councilor Ward 25, Scarborough-Rouge Park, kung ikaw ay:

- isang mamamayan ng Canada; at
- hindi bababa sa 18 taong gulang; at
- isang residente sa Ward 25, Scarborough-Rouge Park; o
- isang hindi residente sa lungsod ng Toronto, ngunit ikaw o ang iyong asawa ay nagmamay-ari o nagpapa-upa ng ari-arian sa Ward 25, Scarborough-Rouge Park; at
- hindi pinagbabawalang bumoto sa ilalim ng anumang batas.

Maaari ka lamang bumoto nang isang beses kahit gaano karaming mga ari-arian ang pagmamay-ari o inuupahan mo sa loob ng Ward 25, Scarborough-Rouge Park. Ang isang residente ng Toronto ay dapat bumoto sa ward kung saan sila nakatira, hindi sa (mga) ward kung saan sila nagmamay-ari o nagpapa-upa ng karagdagang ari-arian.

Mga Mag-aaral na Naninirahan na Malayo sa Toronto para sa Paaralan

Kung ikaw ay residente ng Toronto ng Ward 25, Scarborough-Rouge Park, ngunit nag-aaral sa ibang munisipalidad ng Ontario, ikaw ay karapat-dapat na bumoto sa espesyal na halalan na ito.

Matuto ng higit pa sa www.toronto.ca/ByElection.

Magrehistro sa Listahan ng mga Botante

Simula Agosto 18, mahalagang tingnan kung tama ang iyong impormasyon sa listahan ng mga botante, lalo na kung lumipat ka kamakailan o nagpalit ng iyong pangalan.

Kung ikaw ay nasa listahan ng mga botante bago ang Setyembre 4 isang Voter Information Card [Kard ng Impormasyon ng Botante] ang ipapadala sa iyo, o maaari mong gamitin ang MyVote upang tingnan, i-download o i-print ang iyong Voter Information Card [Kard ng Impormasyon ng Botante].

Hanggang alas 7 ng gabi sa Setyembre 21, idagdag o baguhin ang iyong impormasyon sa listahan ng mga botante sa pamamagitan ng:

- Pagbisita sa www.toronto.ca/MyVote
- Pag-email sa VoterRegistration@toronto.ca

Maaari mong idagdag ang iyong sarili sa listahan ng mga botante kapag bumoto ka nang personal sa panahon ng paunang pagboto (Setyembre 20 at 21) o sa araw ng halalan (Setyembre 29). **Dapat mong matugunan ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat at magpakita ng pagkakakilanlan (ID) kapag bumoto ka, kahit na ikaw ay nasa listahan ng mga botante.**

MyVote

Simula Agosto 18, bisitahin ang www.toronto.ca/MyVote sa:

- Alamin kung nasa listahan ka ng mga botante
- Idagdag o baguhin ang impormasyon ng iyong listahan ng mga botante (**hanggang alas 7 ng gabi sa Setyembre 21**)
- Tingnan ang listahan ng mga kandidatong tatakbo bilang Konsehal
- Alamin kung saan at kailan bumoto, at impormasyon sa kakayahang maka-akses tungkol sa mga lugar ng pagboto
- Tingnan, i-download o i-print ang iyong Voter Information Card [Kard ng Impormasyon ng Botante]
- Tingnan ang isang halimbawa ng balota

Suriin ang MyVote bago ka bumoto nang personal, dahil maaaring magbago ang mga lokasyon ng pagboto.

Voter Information Card [Kard ng Impormasyon ng Botante]

Ang mga Voter Information Card (VICs) [Kard ng Impormasyon ng Botante] ay nasa koreo simula Setyembre 11.

MAHALAGA: Kung mayroong pagkagambala sa serbisyo ng Canada Post, maaaring hindi ka makatanggap ng VIC sa pamamagitan ng koreo. Maaari kang bumisita sa www.toronto.ca/MyVote upang mahanap ang iyong digital na Voter Information Card [Kard ng Impormasyon ng Botante] at ipakita ito sa iyong mobile na aparato kapag bumoto ka.

- Kung nakatanggap ka ng higit sa isang VIC, dalhin ang pinakatumpak na kard na tumutugma sa iyong pagkakakilanlan sa lugar ng pagboto kapag bumoto ka.
- Kung natanggap mo ang iyong VIC ngunit mali ang impormasyon, maaari mong dalhin ang kard kapag bumoto ka at humiling na kumpletuhin ang isang Aplikasyon ng Pagbabago sa Listahan ng mga Botante.
- Kung nakatanggap ka ng VIC para sa isang taong hindi nakatira sa iyong sambahayan, maaari mong i-print **ang Return to Sender** sa kard at ihulog ito sa anumang mailbox ng Canada Post.
- Ang iyong VIC ay hindi maaaring gamitin bilang pagkakakilanlan.
- Hindi mo kailangan ng VIC para bumoto. Alamin ng higit pa ang tungkol sa VIC sa www.toronto.ca/VIC.

Tinatanggap na Pagkakakilanlan

Kinakailangan ang Pagkakakilanlan [Identification (ID)] kapag bumoto ka. Tandaan na magdala ng isang piraso ng ID na nagpapakita ng iyong pangalan at kwalipikadong Ward 25, address ng Scarborough-Rouge Park. Kung wala kang katanggap-tanggap na ID at wala sa listahan ng mga botante, hihilingin kang bumalik na dala ang iyong ID upang makatanggap ng isang balota.

Ang isang pasaporte ay hindi maaaring gamitin bilang pagkakakilanlan.

Mga Halimbawa ng Tinatanggap na ID:

- Photo card na ibinigay ng Ontario, lisensya sa pagmamaneho o permiso ng sasakyang de-motor (bahagi ng sasakyan).
- Kinanselang personal na tseke, credit card or pahayag ng bank account.

- Bayarin sa palingkurang-bayan para sa hydro, telepono o cable TV, tubig, gas o bayarin mula sa isang komisyon ng pampublikong palingkurang-bayan.
- Stub ng Tseke, pahayag ng T4 o resibo ng suweldo na inisyu ng isang tagapag-empleyo.
- Pahayag ng direktang deposito para sa Ontario Works o Ontario Disability Support Program [Programa ng Suporta sa Kapansanan ng Ontario].
- Pagtatasa ng buwis sa pag-aari, paunawa sa pagtatasa ng buwis sa kita, pahayag ng Child Tax Benefit [Benepisyo ng Buwis sa Bata].
- Pahayag ng pagsasangla, kasunduan sa pag-arkila o pag-upa.

Maghanap ng kumpletong listahan ng katanggap-tanggap na pagkakakilanlan sa www.toronto.ca/ByElection.

Impormasyon sa Kakayahang Maka-akses

Ang lahat ng mga lugar ng pagboto ay mapupuntahan. Ang impormasyon tungkol sa mga punto ng pasukan, mga rampa, awtomatikong pagbubukas ng pinto, at pagkakaroon ng mga Terminal sa Voter Assist Terminals (VATs) [Pagtulong ng Botante] ay makukuha sa www.toronto.ca/MyVote o sa www.toronto.ca/ByElection. Kung nahaharap ka sa hadlang sa pagboto, tumawag sa 311 o mag-email sa elections@toronto.ca.

Kakayahang ma-akses na Kagamitan sa Pagboto

Ang Voter Assist Terminal (VAT) ay isang aparato na nagpapahintulot sa mga botante na may mga kapansanan na markahan ang kanilang balota nang pribado at independyente. Mayroon itong touch screen [screen na mahipo], audio function, braille key pad, sip/puff tubo na aparato, rocker paddle/foot switch at mga katangian ng zoom para isaayos ang laki ng letra at kaibahan ng kulay.

Mayroong magagamit na VAT sa parehong mga lugar ng pagboto sa panahon ng paunang pagboto. Kung kailangan mong gumamit ng VAT sa araw ng halalan at ang isa ay wala sa iyong itinalagang lugar ng pagboto, tumawag sa 311 upang matutunan kung paano humiling ng paglipat ng balota. Hanapin ang mga detalye ng lokasyon ng VAT na nakalista sa ilalim ng tab na Aking Mga Lugar sa Pagboto sa www.toronto.ca/MyVote.

Ibang mga Serbisyo

Tumawag sa 311 o bumisita sa www.toronto.ca/ByElection upang matuto nang higit pa tungkol sa mga sumusunod na mga opsyon na mapupuntahan sa pagboto at mga serbisyo:

- Kung hindi ka makakaboto nang personal, maaari kang magtalaga ng proxy [kinatawan] sa pagboto upang bumoto sa ngalan mo.
- Humiling ng paglipat ng balota kung nahaharap ka sa isang hadlang sa iyong itinalagang lugar ng pagboto.
- Kung pisikal kang hindi makakapasok sa lugar ng pagboto, hilingin na dalhin ang iyong balota sa iyong sasakyan o sa ibang lugar sa loob ng lugar ng pagboto.
- Magsama ng isang kaibigan para tulungan kang markahan ang iyong balota o humingi ng tulong sa isang opisyal ng halalan.
- Lahat ng mga lugar ng pagboto ay malugod na tinatanggap ang paggamit ng mga taong sumusuporta at mga hayop ng serbisyo.
- Ang mga napapalaking pilyego at mga tagubilin sa kung paano bumoto sa braille ay makukuha sa lahat ng mga lugar ng pagboto.
- Ang impormasyon para sa mga bingi o mahina ang pandinig ay makukuha sa pamamagitan ng pagtawag sa 711.

Social Media, Web at Email

X: @cityoftoronto

Facebook: Lungsod ng Toronto

Instagram: @cityofto

Website: www.toronto.ca/ByElection

Email: elections@toronto.ca

Pagsasalin-wika ng Impormasyon

Ang website ng Lungsod ng Toronto ay maaaring isalin sa maraming wika gamit ang Google Translate na kagamitan. Maaari ka ring tumawag sa 311 upang makakuha ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng Lungsod sa higit sa 180 mga wika. Kung kailangan mo ng impormasyon sa ibang wika, tumawag sa 311 o bisitahin ang www.toronto.ca/ByElection. Ang mga tagubilin sa kung paano bumoto ay makukuha sa lahat ng mga lugar ng pagboto sa 26 na mga wika.